

1

“Hello, nasaan na kayo?” bungad ni Andrei nang tawagan ang kasamahan sa debate team na si Arnold.

“Pare, ’andito pa kami sa school, late kasi nagpa-dismiss ’yung prof namin, eh. Bad trip nga!” tugon nito.

“What! Magsisimula na ang competition, nand’yan pa kayo!” bulalas niya na biglang natigilan sa pag-aayos ng kanyang kurbata. Ayaw pa naman niyang nagmamadali sa kahit anong gawain niya.

“Isang oras pa naman bago magsimula ‘yun, di ba? In ten minutes, we can be there,” paninigurado ni Arnold.

“Yan na naman kayo. Ang hilig-hilig niyong nagla-last minute! Don’t you know that cramming can affect our performance?”

“I love cramming. The adrenaline rush is a big help in getting out the ideas from me.”

“Maybe for you, but it doesn’t work that way for me,” halos pasinghal na niyang saad.

“Sige na, pare. Papunta na talaga kami. Basta relax ka lang d’yan.” Kabaligtaran niya, cool na cool pa rin ang kanyang kausap.

“Relax? I’m gonna compete at the *Interschool Debate Championships*, how can I relax?” May kalakasan na ang tono niya bago walang paalam na pinatay ang cellphone at nagsimulang maglakad palabas ng parking lot.

Second year law student sa *Ateneo Law School* ang twenty-four years old na si Andrei Soberano. A consistent honor student since grade school, he had also excelled in various extracurricular activities that he participated in. He had been a source of pride for the school especially after leading the debate team to numerous championships.

Habang naglalakad sa grounds ng *Unibersidad ng Pilipinas* kung saan gaganapin ang kompetisyon, sinimulan na niya ang pag-o-organize ng kanyang mga ideas for the debate. With his head bent down, his mind drifting far away, he was not able to see who was coming out from the blind corner of a building where he was heading.

“Oh, sh*t!” sigaw ni Andrei nang maramdaman ang malamig na sago’t gulaman na tumapon sa kanyang dibdib at harapan matapos makabangga

ang isang babae.

“Oh! I’m really, really sorry. Hindi ko sinasadya; nagmamadali kasi ako. Pasensya na talaga...” natatarantang sabi nito na pansamantala ring nanigas sa kinatatayuan.

“Ano bang araw ito, puro kamalasan!” Naiiritang tiningnan niya ang basang polo at slacks.

“I’m really sorry, hindi ko talaga sinasadya,” patuloy pa ng babae na naglabas ng panyo at sinimulang punasan si Andrei.

“O, ano ba’ng ginagawa mo?” kunot-noong sabi niya, matapos biglang mapaiwas nang umabot sa kanyang harapan ang pagpupunas nito.

“I’m sorry!” tarantang saad ng estranghera.

“Pabayaan mo na. Wala na rin namang magagawa pa ’yang pagpupunas mo.” May katigasan ang tinig niya; unti-unti na siyang nailang sa lagkit na nadarama, dulot ng gulaman, gayundin sa mga tinging nakukuha buhat sa mga taong nagdaraan sa kanilang paligid.

“Nasaan ba ang malapit na men’s CR dito?” tanong na lamang niya na hindi na makapaghintay na makapagpalit.

“Doon sa building na ‘yun. May CR doon,” turo nito sa gusaling katapat nila.

Walang sali-salitang tumalikod ang binata at tinungo muna ang direksyon ng parking lot kung saan niya kukunin ang extra polo na dala.

“Hmph! Cute ka pa naman sana, kaso saksakan ka ng suplado!” himutok ng babae habang pinagmamasdan ang kanyang paglayo.

Hindi naman ito masisisi kung makaramdam man ng paghanga kay Andrei. Sa tangkad na 5’11”, matipunong pangangatawan at morenong kompleksyon ay talagang maraming babae ang tumitili sa lalaki. Nakadagdag pa sa kanyang appeal ang hitsura niyang parating seryoso, na nagbibigay ng impresyon ng pagiging suplado. It created a mysterious persona that was just driving the girls crazy.

“Hello!” galit na sagot ni Andrei sa tawag na nakuha sa isa pang ka-teammate na si Ron habang papalapit sa kanyang sasakyan.

“O, pare, bakit parang galit ka na naman yata?” balik nito.

“Paano ba naman ako hindi magagalit, nagkaroon ng malaking disgrasya!”

“Ano namang disgrasya ’yang sinapit mo?”

“Hay, huwag mo nang alamin,” tugon niya na hindi pa rin maalis ang pagkairita sa hitsura ng damit. “Bakit ka nga pala napatawag?”

“Kasi...mayproblema.H-hindirawmakakarating si Charles sa competition ngayon, masama raw kasi ang pakiramdam niya.”

“Masama ang pakiramdam niya o lasing na naman siya kagabi? Sh*t naman, ano ba’ng araw ’to, puro kamalasan!”

“Relax ka lang, pare. Don’t get yourself so worked up. Magsisimula na ang competition, you might lose your focus.”

“Kung gusto mong makapag-relax ako, pumunta ka rito within ten minutes and take over Charles’ place,” may pagka-demanding na utos ng presidente ng *Debate Society*. The stress of the competition and his appearance at the moment were taking its toll on his patience.

“Ano! But I am not prepared,” naalarmang ani Ron. “Wala akong matinong masasabi mamaya!”

“Kung ako sa ’yo, kung gusto ko pang maging miyembro ng org na ’to, magpapakita ako sa

competition ngayon.” May pagbabanta sa tinig niya bago tuluyang tinapos ang usapan.

Opening his car, he frowned at the blue polo shirt hanging behind the driver seat. For a while, naisip niyang umuwi muna saglit upang makapagpalit na rin pati ng slacks dahil wala siyang dalang extra niyon. Subalit nang napatingin sa relo at makitang malapit na ang oras ng competition, he decided to just make do with the blue polo and the still slightly wet slacks.

Kapag minamalas ka nga naman, o! napapalatak na naisip niya.

AT THE AUDITORIUM where the *Debate Championships* was to be held, the Ateneo team were already complete with its three members while their opponent, the host *UP Debate Society* still lacked one debater.

Kahit paano ay nagawa na ring mag-relax ni Andrei dahil alam niyang sa sitwasyong iyon ay sila ang may advantage. Kitang-kita niya sa kabilang kampo kung paano mataranta ang mga ito dahil sa pagkawala ng isang miyembro.

Five minutes into the competition ay nagkaroon

ng komosyon matapos lumitaw ang isang babae na siya palang nawawalang miyembro ng *UP Debate Society*.

“Pare, hayan kumpleto na sila. Patas na ang laban,” bulong ni Ron na sumunod din sa utos ni Andrei sa takot na matanggal sa prestigious debate team.

“Oo nga, kumpleto na sila...” pagsang-ayon ng binata ngunit biglang natigilan matapos makilala ang babaeng kararating pa lamang. “Siya ’yun, ah!”

“Siya ang alin?” nagtataakang tanong ng kaibigan habang sinusundan ang kanyang tingin. “Type mo, pare? Ayos, maganda siya, ah!” komento nito habang pinagmamasdan ang dalaga na abalang-abala sa pakikipagdiskusyon sa mga kasamahan.

“Ano bang type ang sinasabi mo d’yan?” balik niya na animo iyon na ang pinakaimposibleng bagay sa mundo. “Siya ’yung babaeng muntikan nang sumira ng concentration ko kanina,” paglilinaw niya.

“Bakit, dahil natulala ka sa kagandahan niya?” singit ng isa pa nilang kasamahan na si Arnold na hindi rin maiwasang ma-mesmerize sa kagandahan ng kanilang kalaban. “Baguhan lang siya malamang; wala siya sa mga dating competitions, eh.”

“That girl was the reason why I got tensed a while ago and had to hurry to change my polo after she spilled on me that gulaman she was holding,” detalyadong paliwanag niya sa pagnanais na maging malinaw ang lahat imbis na kung anu-ano pa ang pinag-iiisip ng mga kasamahan.

“Kaya pala kanina ka pa hindi mapakali d’yan. Siguro kinakagat na ng langgam ’yang ano mo, ’no!” biro ni Ron.

“Malapit na,” pagsakay naman ni Andrei.

“Basta ako, kahit balde-balde pang gulaman ang ibuhos niya sa akin, okay lang. Basta ba siya ang magpapaligo sa akin,” pilyong sabi ni Arnold na hindi pa rin magawang alisin ang titig sa babaeng kalaban.

“Tigilan n’yo na nga ’yang kalokohang ’yan. Nawawala na naman tayo sa focus n’yan!” sita niya sa dalawa na siyang nagpabalik sa kanila sa realidad ng kanilang kasalukuyang sitwasyon.

Matapos ituon muli ng mga kasamahan ang kanilang atensyon sa mga notes na ginawa ay pasimpleng sumulyap si Andrei sa babae. Sa kabila ng pagkainis na nadarama niya rito ay hindi niya maikakaila na maganda nga ito. He thought

she looked like a delicate China doll, due to her prominent Chinese features which had always been his taste in women.

Sa kanyang pagkadala sa nakikita ay hindi na niya napapansing obvious na pala ang ginagawa niyang pagtitig dito, na kahit ang babae ay nahalata na siya. Kitang-kita niya sa naging reaksyon ng mukha nito ang pagkagulat matapos siyang makilala. Subalit sa bandang huli ay nauwi rin iyon sa isang matamis na ngiti.

Kaagad namang natauhan ang binata sabay baling ng tingin sa notes na ginawa.

“Pare, ikaw na ang mag-opening speech, ah,” bulong ni Ron matapos i-announce ang pagsisimula ng debate.

“Ha? Okay...” wala pa rin sa sariling sagot niya.

“From *Ateneo de Manila University*, Andrei Soberano...”

Kahit wala sila sa sariling unibersidad, nagsidayo ang kanilang mga schoolmates upang magbigay ng suporta sa kanila. Dahil defending champions, malaki ang expectation ng lahat, lalung-lalo na kay Andrei na siyang ikinikonsidera bilang isang premiere debater.

“Pare, ano’ng nangyayari sa ’yo?” nagtatakang tanong ni Arnold matapos manatili sa upuan ang kanilang team captain.

“Tinawag na ang pangalan mo, it’s your turn to go there and speak!” natataranta nang sabi ni Ron na siyang baguhan pa lamang sa mga ganoon kalaking kompetisyon.

“Ha! Ako na ba?” Noon lamang siya binalikan ng diwa. Dali-dali siyang napatayo at lumapit sa gitna kung saan nakalagay ang podium.

“Ladies and gentlemen, a pleasant afternoon. What... what I’m... I’m going to discuss tonight is very much relevant to our current political state...”

Although, Andrei was able to deliver his opening remarks properly, people who know his style very well could see that he was not his usual brilliant self. It was a matter that was very apparent to his teammates who could only wonder about what happened to their ever-reliable savior.

“And now for the *UP* side, may we please call on Miss Pia Rivas...”

Laking gulat ng lahat sa ginawang pang-opening remarks ng baguhang debater. Sari-saring bulungan ang pumailanlang sa paligid kahit na

sa kampo mismo ng *UP*. Iyon kasi ang unang pagkakataon na masasaksihan nila ang kakayahan ng dalaga. Natahimik ang lahat nang magsimula na itong magsalita, she amazed everyone with her intelligence, depth, clarity and confidence.

Masigabong palakpakan ang naging pabaon rito ng lahat matapos ang opening remarks. Kung kanina ay naging malaking sakit ito ng ulo para sa buong team dahil sa pagkahuli ng dating, now, she was a source of pride for the whole *UP* community.

Watching her speak, hindi maikakaila ni Andrei na magaling talaga ang babae. Nakararamdam man ng kaba sa kanilang chances na maiuwi muli ang kampeonato ay hindi niya iyon inalintana.

It's still a long way to go, anything can still happen... pagpapalakas niya ng loob.

Subalit tila matindi ang naging paghahanda ng buong *UP* team matapos silang magawang sabayan sa bawat argumento at madalas ay maka-score ng puntos laban sa kanila. In that competition, it was as if they were a ghost of their once-brilliant selves.

Kaya nang inanunsyo ang nagkampeon ay hindi na nagulat pa si Andrei na nawala na sa kanila ang panalo.

“Pare, pasensya ka na. Hindi pa lang talaga ako hinog sa mga ganitong klase ng laban. Siguro mas maganda kung ibalik na lang ako ulit sa Team B,” nahihiyang sabi ni Ron na siyang may pinakamaraming palpak na na-commit sa buong debate.

“Ano ka ba? Paano ka mahahasa kung babalik ka sa Team B? You’re a very promising debater, all you need is practice and more exposure...”

Hindi inaasahan ni Ron naganoon kadali para kay Andrei na tanggapin ang kanilang pagkatalo. Over the years, nagawa na nitong subaybayan ang bawat debateng sinalihan ng team leader at mabibilang sa isang kamay ang mga pagkakataong natalo sila. At sa bawat pagkatalong iyon ay nasaksihan nito kung paano siya naghirap tanggapin ang lahat.

“Aba, pare, ikaw ba ’yan? Dati-rati kapag natatalo tayo ni hindi ka makausap, pero ngayon cool na cool ka ha,” bati ni Arnold na tila nahihiwagaan sa inaasal niya. “To what should I attribute this newly-developed behavior?”

“Hindi, pare, siguro the right question should be to whom should we attribute this newly-developed behavior?” makabuluhang sabi ni Ron na tinatakas muli ng pagkaseryoso.

“Ah, oo nga pala. Siyempre kung kasing-ganda ba naman ni Pia Rivas ang makakatalo sa 'yo, magagawa mo pa bang magalit?” panggagatong naman ni Arnold.

“Kayong dalawa, tigil-tigilan ninyo ako, ha. Baka gusto n'yong pareho ko kayong ibalik sa Team B!” pabirong pagbabanta ng binata na biglang nakaramdam ng pangamba na baka may ibang nakarinig sa sinabing iyon ng teammates na siyang maaaring lumikha ng tsismis sa maliit nilang mundo.

“Okay. Sige na, titigil na kami,” pangako ni Ron na itinaas pa ang kanang kamay. Ilang sandali pa ay tila napatda ito sa kinatatayuan matapos makita kung sino ang patungo sa kanilang kinatatayuan. “Pare, ngayon hindi na talaga ako nanloloko, si Pia Rivas papunta rito sa atin!”

Kapwa biglang napaligon sina Arnold at Andrei, at kanila ngang nakumpirma na hindi nagsisinungaling ang kasamahan.

“Hi! I would just like to congratulate the three of you for a very challenging debate you've given us,” sinserong sabi nito, flashing that warm and genuine smile that mesmerized the three guys.

“Oh, it should be us who should be congratulating

you. You were brilliant, lalung-lalo ka na, Ms. Pia. You literally took our breath away...”

Pilit kinontrol ni Arnold ang pagtawa matapos marinig ang hirit na iyon ni Ron. Mabuti na lamang at nagawa nitong magpigil matapos maramdaman ang simpleng paniniko ni Andrei rito.

“Ah, ganoon ba...” Pinamulahan ito ng pisngi.

Namangha naman si Andrei sa dalaga. Hindi niya akalain na sa kabila ng kumpiyansang ipinakita nito kanina habang nagdedebate ay hindi pala ito sanay na tumanggap ng komplimento.

“You guys were brilliant as well, lalo ka na, Mr. Andrei Soberano. I’ve heard a lot of things about you. S’abi ng mga teammates ko, ikaw raw ang kinatatakutan ng bawat debater. Now I know why...”

It was his turn to become shy with the compliment. Which was really weird for him. He had always been confident of his ability kaya hindi niya maintindihan kung bakit awkward ang pakiramdam niya ngayon.

“Sobra naman yata ’yun...” napakamot-ulo niyang sabi. “I had been... really bad a while ago. It was probably one of my worst debates ever,” pagtatapat niya sa tunay na tingin sa naging

performance.

“Naku, baka nakaapekto ’yung pagkakatapon ko sa ’yo ng gulaman kanina. I can see you’re still wearing the same pants, sigurado nakakailang ’yan. You must have lost your concentration because of that,” puno ng pag-aalalang ani Pia na hindi maiwasang makaramdam ng pagka-guilty.

“No, walang kinalaman ang nangyari kanina sa naging performance ko. I was just really bad a while ago. Kalimutan mo na ’yun saka... pasensya ka na rin kung medyo... nasungitan kita. I was just really under a great deal of stress, paano pinakaba ako ng mga ito, magsisimula na ang competition wala pa sila ’tapos ’yung isa dapat na kasama ko rito, umatras dahil sa kalasingan. Paano ba naman ako hindi maba-bad trip, di ba?”

“Naku, kami naman ang sinisi!” napapailing na sinabi ni Arnold. “Hay naku, Ron. Alam ko na ang ibig sabihin nito: pinalalayay na tayo ng presidente natin dahil malaking istorbo lang daw tayo ritong dalawa sa kanila.”

“Huwag mo na lang intindihin ’yang mga ’yan. Mga sira lang talaga sila,” napapailing ring nasabi ni Andrei matapos iwanan ng dalawa.

“Nakakatuwa nga sila, eh. Mukhang napakasaya ng team ninyo.” She again flashed that wonderful smile of hers. “Uhm... nagi-guilty pa rin talaga ako sa nangyari kanina. Gusto ko sanang bumawi sa ’yo, eh. Gusto mong mag-snack? My treat!”

“Oh, no way! Hinding-hindi yata ako makakapayag na ilibre ng isang babae,” saad niya.

“Naku, masyado ka namang pakipot! Tara na, let me treat you this time ’tapos siguro bawi ka na lang sa akin sa susunod,” anito, sabay hawak sa kanyang kamay at hila palabas ng auditorium.

Nabigla man sa gesture ng dalaga ay wala na ring nagawa pa si Andrei. Ang tanging alam lang niya ay may ibang klaseng kaligayahan ang ngayon lang dumapo sa puso niya.

“NAKU, mukhang hindi ka yata sanay sa mga street food. Pasensya ka na, ha, ito lang kasi ang kaya ko,” ani Pia matapos dalhin si Andrei sa mga kainan sa gilid ng kalsada.

Kahit sino kasing tumingin sa binata ay walang magdududa na anak-mayaman ito. Sa kilos, pananamit at pananalita pa lamang ay mababatid na kaagad ang klase ng buhay na kinasanayan nito.

“Sus! Ano ka ba? Kahit ano naman, kinakain ko,” giit nito kahit pa sa totoo lamang ay iyon ang unang pagkakataon na makakatikim ito ng mga ganoong klase ng pagkain. “Miss, isa nga nitong isaw,” order ng lalaki sa tintera bilang pagpapakita na wala itong kaartehan pagdating sa pagkain.

But Pia could see through him, alam niyang ginagawa lamang nito iyon para makibagay sa kanya. And she really appreciated that gesture.

“O, ikaw. Ano’ng gusto mo?”

“Ah...eh, isaw na rin,” tugon ng dalaga. “Hindi ka ba natatawa sa mga pangyayari ngayong araw na ’to?”

“What do you mean?” Napakunot-noo ang binata sa tanong niyang out of the blue.

“Kaninang umaga lang, kulang na lang isumpa mo ko ’tapos ngayon magkasama pa tayong kumakain. This is really weird!”

“May pagka-weird nga ang mga pangyayari ngayong araw na ’to,” pagsang-ayon naman nito. “But who cares, as long as we’re both happy naman, di ba?” Hindi na napigilan ni Andrei paglabas ng tunay na estado ng pakiramdam.

For a moment, he was regretful for laying out a bit of his emotions. Hindi kasi si Andrei ang tipo ng tao na sanay makipag-usap ukol sa mga personal na bagay ng kanyang buhay.

“Happy ka naman, di ba?” dagdag pa ng binata, really feeling so weird with the boldness of his assumption.

“Of course I am! I’ve never had this much fun in a long time,” pagtatapat ni Pia.

As Andrei got mesmerized again by her smile, he noticed that underneath that warmth and genuineness of it, lay a certain sadness that she was trying so hard to conceal.

“So bakit ngayon lang yata kita nakitang nag-compete for *UP*? I’ve been doing this for years but this is the first time that I’ve seen you.”

“Ngayon lang kasi ako nagkaroon ng time para sumali sa *Debate Society*. Last year kasi noong first year ko sa law school, I was working so wala talaga akong oras para sa mga extra-curricular activities,” sagot ni Pia matapos kuhanin at bayaran ang kanilang mga biniling isaw at gulaman.

“Bilib na talaga ako sa ’yo. Ang hirap n’un, ah. Pagsabayin mo ba naman ang law school at trabaho,”

halatang na-impress na sabi ng binata.

“Kung gusto mong mabuhay, kahit mahirap, kakayanin mo...”

Nang bitiwang niya ang mga salitang iyon, Andrei noticed that the certain sadness became more obvious in her eyes. Gayunpaman, pinigil niya ang sariling mag-usisa ukol doon. “So what was your work before?”

“I was a secretary at this law firm kaso nagsara rin matapos magkaaway-away ang mga partners,” tugon ni Pia. “Kaya ngayon, wala akong permanenteng trabaho. Nabubuhay ako ngayon sa mga raket ko.”

“So ano naman ang mga raket mo?” na-curious na tanong ni Andrei. Naiiba kasi si Pia sa mga babaeng nakakasalamuha niya.

“Minsan nagtu-tutor sa mga bata o kaya sa mga high school at college students na tamad mag-aral. Saka gumagawa rin ako ng mga term papers, kung minsan thesis pa nga, eh.” Ibinulong na lamang nito ang huli na parang ayaw nitong marinig ng iba ang bagay na iyon.

“So underground ka pala. Para kang walking-Recto,” napailing na ani Andrei; hindi maiwasang humanga sa abilidad ng dalaga.

“Parang gano’n na nga,” sang-ayon nito. “Ano, masarap ba?”

“Mmm... masarap nga,” sinserong tugon ng lalaki sabay subong muli. “Miss, dalawa pa ngang isaw,” order nito sa tindera.

Hmm. This is really a wonderful guy. Napakasuwerte ng babaeng mamahalin niya, sa isip-isip ni Pia.

“O ano’ng nginingiti-ngiti mo d’yan?”

Natauhang bigla ang dalaga matapos marinig ang tinig ni Pia. “W-wala,” kaagad niyang tanggi na napatungong bigla upang itago ang pamumula ng mga pisngi.

“Aminin mo na, naku-cute-an ka sa akin, ‘no?’” Kahit si Andrei ay nahihiwagaan sa sarili. Hindi niya maintindihan kung saan ba nanggagaling ang mga salitang lumalabas sa bibig niya.

“Grabe! Hindi ka rin bilib sa sarili mo ’noh!” napapailing na anang dalaga. If it had been another guy she would have been turned off by this behavior but with Andrei she did not understand why it was just all right with her.

Wala na ring panahon pa si Andrei na

makaramdam ng pagkahiya matapos mabaling ang atensyon ng dalaga sa oras. “Anong oras na nga pala?”

“It’s four thirty,” tugon nito habang kinukuha ang kaiihaw lamang na isaw mula sa tindera.

“Sh*t! I’m late!” bulalas ni Pia sabay lagok sa gulamang hawak.

“Late for what?” takang tanong ni Andrei matapos masaksihan ang kanyang biglaang pagkaaligaga.

“My raket!” sagot nito sabay lahad ng kamay. “It’s really nice meeting you, Mr. Andrei Soberano.”

“It’s nice meeting you too, Miss Pia Rivas...” balik ng binata habang tinutugon ang kanyang pakikipagkamay. As much as he had tried to feel her touch in his hand, he was not able to do so for she quickly broke free and ran away.

“Teka, ’yung isaw mo!” sigaw ni Andrei; umaasang magagawa n’yong pabalikin ang dalaga nang sa gayon ay masilayan niyang muli ang napakaganda nitong mukha.

Subalit saglit na paglingon lamang ang ibinalik nito sa kanya. “Sa ’yo na ’yan. Enjoy it!”

“Salamat sa libre!” muli ay pagsubok niyang

kuhanin ang atensyon nito.

“Walang anuman!” balik ni Pia sabay kaway sa kanya bago tuluyang sumakay ng jeep. “Bye!”

“Bye!” balik niya habang pinagmamasdan ang pagdaan ng sinasakyan nito sa kanyang harapan. Long after it vanished from his sight, he still stood there motionless.

Nangyari ba talaga ang lahat ng ito o nananaginip lang ako? hindi niya maiwasang itanong sa sarili. Kung anuman ito, wala na siyang pakialam. Basta ang tanging alam niya iyon na ang pinakamasayang araw sa buhay niya...

2

“O Mommy, kumusta po?” masayang balik ni Andrei sa pagbati ng ina nang tumawag ito sa kanya mula sa Amerika. Katatapos lamang ng kanyang klase at kasalukuyan siyang nagmamaneho pauwi sa ancestral house nila.

“Heto, punung-puno ng konsumisyon sa kapatid mo,” napabuntong-hiningang sagot nito. “Hindi ko na yata siya kaya, Andrei. Kahit ang daddy mo, sumusuko na sa kanya.”

“Bakit, ano na naman bang gulo ang pinagpapapasok ni Jerry?” usisa niya.

“As usual, drugs! At mas lumala pa siya; ngayon, he got involved with a gang,” naiiyak nang kuwento ng ginang. “Noong isang araw nga, he almost got killed after his car was showered with bullets. Masuwerte nga at sa braso lang siya tinamaan. Hindi ko na alam ang gagawin ko sa kapatid mo, Andrei.”

Tila naman nabibiyak ang puso ni Andrei sa hinaing ng ina. Kung sana lang ay puwede niya itong puntahan sa Amerika kaagad upang aluin ang sakit na idinulot dito ng kanyang nakababatang kapatid.

“Ano ba’ng sinabi ni Daddy? Ano na’ng plano

niyang gawin kay Jerry?” tanong niya, pinipilit na manatiling rational at hindi magpadala sa kanyang emosyon.

“We are thinking of bringing him back there in Manila, kaso nag-aalala rin kami baka mainit pa siya sa mga dati niyang nakabangga d’yan...”

“Sige, Mommy. Kakausapin ko na lang si Daddy tungkol rito. Pag-aaralan na lang nating mabuti kung ano ang best na gawin kay Jerry,” pangako niya hoping that it would somehow lessen the burden felt by his mother. “Mag-relax ka na lang, Mom, don’t stress yourself too much. Makakasama sa ’yo ’yan.”

“If only you were here, hijo, hindi sana magiging ganito kabigat para sa akin ang lahat...”

“I promise, on my next break, bibisitahin ko kayo d’yan.”

Mabigat ang naging pakiramdam ni Andrei nang matapos ang pag-uusap ng mag-ina. He certainly did not want to go home in that state, kaya naman nang makakita ng isang café sa bagong tayong building ay kaagad siyang pumarada sa harap niyon. Umaasa siyang magagawang pawiin ng paborito niyang kape ang paghihirap na nadarama ng puso niya.

“Good afternoon, Sir. Welcome to *Beans and Tea Ca—*”

“Pia!” aniya nang makita ang babaeng nasa likod ng counter.

“O ikaw pala, Andrei,” balik ng dalaga na hindi maikubli sa nagniningning na mga mata ang kasiyahang nadarama sa pagkakakita muli sa lalaking nakilala ilang araw na rin ang nakakalipas.

“So dito ka na pala nagtatrabaho,” saad niya na halos hindi makapaniwala na magkaharap na sila ngayon ni Pia.

“Oo, kasisimula ko lang kahapon,” anito. “Naaalala mo noong nagmamadali akong umalis n’ung huli tayong nagkita? Dito ako nagpunta noon. Nasabi kasi sa akin ng isang classmate ko na may opening nga raw para sa barista kaya sinubukan ko, heto na ako ngayon...”

Dahil sa kanilang excitement sa muling pagkikita ay hindi napansin ng dalawa na unti-unti na palang humahaba ang pila sa counter.

Tumikhim ang babaeng nakapila sa likod ni Andrei upang kuhanin ang atensyon nila.

“Uhm... so Sir, what would you like to have?” biglang pag-shift ng tanong ni Pia matapos makuha ang ibig sabihin ng customer.

“Give me a cappuccino, please,” tugon ng binata

na biglang nakaramdam ng hiya.

“Cappuccino coming up,” anito matapos kuhanin ang kanyang bayad. Nang ibibigay na nito ang sukli ay inilapit nito ang mukha sa binata sabay bulong, “I’ll be joining you in a while. Malapit nang matapos ang shift ko...”

“BAKIT para yatang wala ka sa sarili mo ngayon? I can’t see that focused demeanor that I had seen in you the last time. May problema ka ba?”

Andrei was surprised. Hindi niya akalain na sa maiksing panahon ng pagkakakilala nila, parang kilalang-kilala na siya nito.

“Hindi ko alam madali pala akong mabasa. Akala ko pa naman mysterious ang dating ko,” tangka niyang pagpapatawa ngunit hindi naman umabot sa mata ang ngiti.

“Ewan ko ba, why it’s so easy for me to see through you. Siguro malakas lang talaga ang instinct ko sa tao.”

“O baka naman, sadyang malakas lang talaga ang connection nating dalawa...”

Pagkarinig niyon ay napataas ang isang kilay ni Pia. “Hmm, maybe...” tanging tugon nito, pero sa

loob-loob ay pilit kinokontrol ng dalaga ang kilig na nadarama.

Samantala, wala namang pagsisising nadama si Andrei sa binitiwang mga salita. He was aware that not everyone was given a second chance in getting what they want, so now he would make sure that he would be able to make his intentions felt.

“So ano nga pala ’yung bumabagabag sa ’yo?” tanong ni Pia sa pagnanais na ibalik muli ang kanilang naunang usapan.

Wala sa ugali ni Andrei ang mag-open up nang ganoon na lang, lalo na kung hindi pa naman niya lubusang kilala ang kausap. Pero sa sitwasyong iyon, wala ni katiting na alinlangan siyang nadama sa pagbubukas ng sarili sa dalaga.

“Tumawag kasi sa akin kanina ang mommy ko from the States. She’s staying there with my father and younger brother. Masyado na silang nahihirapan doon dahil sa mga kalokohan ng kapatid ko. Two years ago, they decided to bring him there matapos niyang makabangga ang isang maimpluwensyang drug lord dito sa Pilipinas. Kung hindi kasi ginawa ’yun, baka napatay na siya rito. Ang buong akala namin, magbabagong-buhay na siya sa Amerika pero hindi pa rin pala. Mas lalo pa siyang lumala as he got involved with gangsters there.”

“Parang pelikula pala ang buhay ng kapatid mo, ’no? Puno ng aksyon,” komento ng dalaga matapos marinig ang istorya ng pamilya ng binata.

“Hindi ko nga alam kung bakit nagkaganoon ‘yung si Jerry. Noong mga bata naman kami, he was just a nice, quiet kid. Pero n’ong magbinata at mapasama sa maling barkada, he got out of control.”

“It must have been tough for him living under the shadows of a brilliant older brother. Usually, kasi ’yan ang predicament ng mga younger siblings, they idolize and look up to the elder ones and when eventually ma-realize nilang hindi nila ito matatapatan, they become discouraged and hopeless kaya sa mga maling paraan nila naibabaling ang frustrations nila...”

Napatitig si Andrei sa dalaga dahil napahanga na naman siya rito. She never ceased to amaze him. Natitiyak ng binata na habang tumatagal ay unti-unti nang nahuhulog ang damdamin niya kay Pia.

“You seem to be so knowledgeable about this matter, ha. Bakit? Are you an elder child or younger?” tanong niya, visibly intrigued by this beautiful, smart and wonderful lady.

“No, I’m an only child,” maikling tugon ni Pia sabay inom sa kape. “Wait, what time is it?”

“Six o’clock,” turan ng binata na biglang naalarma sa pinatutunguhan ng mga pangyayari.

“Oh, I’m really sorry. Gusto ko pa sanang makipagkuwentuhan sa ’yo but I have to go,” may panghihinayang na sabi nito habang inaayos ang mga gamit sa bag.

“Don’t tell me may raket ka na namang pupuntahan?” anang binata disguising the disappointment in his voice with a casual, joking tone.

“Actually, meron nga. There’s this young Korean boy na tinuturuan kong mag-English,” balik nito na tumayo na mula sa kanyang kinauupuan. “It was nice seeing you again.” With that, she quickly walked away, almost hopping out of the café just like how she did the last time they saw each other.

At tila déjà vü nang una nilang pagkikita, nanatili ang binata sa kinauupuan, walang magawa habang pinagmamasdan ang pag-alis ng dalaga.

Why does it seem like time is taking you away from me?

“HAY, NAKAKAPAGOD!” napabuntong-hiningang sabi ni Pia as she plopped herself on her

bed in the room, she was sharing with her classmate, Francine. Her friend asked her to move in to her apartment a year ago after finding out that she had no place to stay.

“Ngayon lang ako nakakita ng pagod na abot-tainga pa rin ang ngiti,” puna nito na pansamantalang itinigil ang pagbabasa. “What’s making you smile these days, my friend? In love ka ba?”

Nang marining ang tanong nitong iyon, kaagad na napabalikwas si Pia at hinarap ito. “In love! Paano mo naman nasabi ’yan?”

“Hay naku, wala namang makakapagpangiti nang ganyan sa isang babae kundi pag-ibig. You’re glowing, my dear! Kaya mabuti pa, tigilan mo na ang pagde-deny d’yan!”

“Hindi naman siguro in love. It’s such a strong word for me,” may pagka-introspective na saad niya. “Let’s just say that there’s someone who is making me happy...” Ugali na talaga ng dalaga na maging maingat sa pagpili ng mga salitang gagamitin.

“So who is this someone that is making you so happy?” naiintrigang tanong pa rin nito.

“A new friend...”

“So what is the name of this new friend?”

“Andrei...”

“Saan naman kayo nagkakilala ng Andrei na ’to and when? My God, Pia! Why do you have to be always this mysterious? Speak up!”

Natawa na lamang siya sa reaksiyon ng kaibigan. She had never been really comfortable talking about herself but felt like at the moment, Francine deserved to know a bit of details.

“Okay, nagkakilala kami noong isang araw sa *Debate Championships*. He’s from *Ateneo*.”

“Teka don’t tell me ang Andrei na ’to ay ’yung drop-dead gorgeous debater ng *Ateneo* na si Andrei Soberano!”

“Siya na nga...”

“Oh, my God! Ang haba naman ng buhok mo, Ineng! Alam mo bang sinabi ng friend ko na Atenista rin, napakarami raw girls na lumalandi d’yan, pero wala siyang pinatulan ni isa. Saksakan daw ng suplado ang lalaking ’yan... but he’s getting to know you. So you know what it means kapag nakuha mo ang atensyon ng isang suplado, malupit talaga ang tama sa ’yo n’un!”

“Sobra ka namang malupit ang tama!” napatawang sagot niya. “Baka naman he just wants

to be my friend.”

“Okay ka lang? Walang lalaki, lalo na sa sitwasyon ni Andrei Soberano na saksakan ng busy, ang magsasayang ng oras para lang makipagkaibigan sa isang babae, 'no! Buksan mo nga 'yang isip mo!”

“Okay, sige na. I got your point.”

“So saan na ba kayo nag-date? Kumusta naman siya? Magaling ba?” tanong nitong kumindat pa.

“Ikaw talaga, napaka-naughty mo!” Pinalo ito ni Pia ng unan. “Twice pa lang kami nag-meet; noong una, nilibre ko siya ng isaw sa tabi ng *UP*. 'Yung second time naman, aksidente pa 'yung meeting namin. Dumating siya sa café na pinagtatrabahuhan ko minutes bago matapos ang shift ko.”

“See, parang pinagtatagpo talaga kayo ng destiny, di ba?”

“Gan'un ba 'yun? Totoo ba talaga 'yang destiny-destiny?”

“Alam mo, ikaw lang yata ang babaeng nakilala ko na hindi naniniwala d'un. Saan ka ba talagang lupalop nanggaling at ganyan ka?”

“Hay naku, isa lang 'yang kalokohang nilikha ng mga romance writers para bumenta ang mga libro at pelikula nila!”

“Ewan ko sa ’yo!” napairap na sabi ni Francine. Kung minsan napapaisip ito kung paano ba sila nagkasundo gayong opposite ang kanilang mga pag-uugali. She was a hopeless romantic while Pia did not seem to be interested with all things connected to love and romance. “Tingnan na lang natin. Balang araw, kakainin mo rin ’yang sinabi mo!”

AT THE LAST MINUTE, Andrei finally decided to attend his professor’s party held at his mansion in Makati.

Simula noong malaman niya ang problema ng pamilya niya sa States, sa tuwina ay nag-aalala siya para sa mga ito at hindi niya magawang magsaya. Ngunit mapilit ang mga kaibigan niya na um-attend siya sa party ni Atty. delos Santos. Ayon sa mga ito, panahon na para makapag-establish siya ng connection sa mga big-time lawyers na tiyak na nasa party.

“Oh, Mr. Andrei Soberano, finally you’re here,” bati ni Atty. delos Santos nang mapansin nito ang pagdating ng paboritong estudyante. “Come here, I’ll introduce you to my compañeros here...”

Dali-dali namang lumapit ang binata at nakipagkamay sa ilan sa mga kilala at tinitingalang

abogado at pulitiko ng bansa.

“This is Andrei Soberano, one of my most promising, if not the most promising student...” pakilala nito na animo isang amang proud na proud na ipinakikilala ang kanyang anak.

Bago pa man pumasok sa *Ateneo Law School*, pangarap na ni Andrei na makilala ang nirerespetong abogado na si Atty. Modesto delos Santos. Kaya laking tuwa niya nang mapabilang sa klaseng tinuturuan nito. Hindi nagtagal ay nakita ng abogado ang kanyang talino at potensyal at iyon na ang naging simula ng pagme-mentor nito sa kanya.

“Akala ko, hindi mo na kami pupuntahan,” ani Charles nang sa wakas ay masaluhan niya ang mga ito sa mesa.

“Siyempre hindi naman ako basta-basta makakaalis doon,” pagdadahilan niya.

“Alam mo ba, ikaw ang tanging estudyante niya na nakalapit at ipinakilala niya sa grupong iyon,” bulong ni Ron. “Ang suwerte mo, pare!”

Ngiti lang ang naisukli ng binata sa sinabing iyon ng kaibigan. Alam niyang hindi lang suwerte ang responsable sa magandang pagkakataong iyon na naibigay sa kanya. He was confident that he had worked so hard to deserve that special chance.

“Maiba ako, pare, you wouldn’t believe kung sino ang naririto...” pamistryoso pang sinabi ni Arnold.

“Sino?” tanong niya expecting that he would mention another prominent personality whom they all look up to.

“Si Pia Rivas,” pabulong na bunyag nito na biglang naging excited para sa kaibigan. “Hayun siya sa kabilang mesa.”

Sinundan ni Andrei ang direksyong itinuturo ng kaibigan at eksakto namang pagdapo ng kanyang mga mata roon ay ang paglingon din ng dalaga sa kinaroroonan nila na naging dahilan ng pagtatama ng kanilang mga paningin.

Hindi man niya marinig, he could read the ‘hi’ that she mouthed, which was coupled with that warm and sweet smile that never failed to make his knees weak.

“Excuse me lang muna, mga pare,” paalam ni Andrei na sinundan ng mga kanyawan mula sa mga kasama.

Walking toward her direction, he could not help but admire how Pia looked that night as she stood up from her seat to meet him. She was wearing a mini black dress that showed off her slim but shapely

figure.

“Hi, this is a surprise. I never expected I’d see you here...” aniya na hindi magawang alisin ang tingin sa mala-anghel na mukha ng dalaga.

“Atty. delos Santos is my professor. He invited us to come here in his party,” lahad nito.

“Really? Tingnan mo nga naman, ang liit talaga ng mundo. Biruin mo, iisa lang pala ang prof natin...”

Pansamantalang naantala ang kanilang pag-uusap nang lapitan ng taong pinag-uusapan nila. “So you two finally met each other,” anito na kapwa sila inakbayan.

“Yes, Sir, we had competed against each other at the *Debate Championships* recently,” pag-e-explain ni Andrei.

“Really?” Napangiti ang propesor na ikinasorpresa ng dalawa dahil bilang ang mga pagkakataong kinakikitaan ng emosyon ang mukha nito. He had always maintained that impassive quality on his face which served him well at the courtrooms. “What I’m going to say may surprise both of you. I am not exactly known for this but I am a person who believes in fate and instinct. Hindi ko pa man kayo nakikitang magkasama noon, I already had this... vision of you together. And now that I

am finally seeing it, I can say that you are indeed a perfect pair.”

Kapwa nakaramdam ng pagkailang ang dalawa sa naging pahayag na iyon ng matanda. Nobody was able to speak, but the smile on their faces bore more indication of happiness than any words could ever say.

Matapos ang party, nag-offer si Andrei na ihatid na lamang si Pia sa kanilang bahay. Noong simula, nagkaroon pa ng pag-aalinlangan ang dalaga, pero nang maglaon ay pumayag na rin siya.

“Hindi ko alam na may pagka-psychic rin pala si Atty. delos Santos,” napapangiting saad ni Andrei habang sinisimulan ang pagmamaneho.

“What do you mean?” napakunot-noong balik naman ng dalaga.

“Hindi ba sabi niya hindi pa man daw niya tayo nakikita, he already had this vision of us together...”

Hindi nakaimik si Pia. She was not exactly sure whether those were the words she would want to hear from him.

“I may sound a bit too much for you but I am the type of person who has to say what I truly feel inside.” Tumitig ito sa mga mata niya. “I am in love

with you, Pia, and I am willing to do everything for you if you will only let me...”

Kung gaano man kasigurado si Andrei sa nararamdaman para sa dalaga ay ganoon naman ang kaguluhan ng damdamin ni Pia. Aminado siya na walang kasing-ligaya ang kanyang nadama nang marinig ang pagtatapat ng lalaki, subalit mayroong parte sa kanyang sarili na sadyang hindi mapalagay.

“Malapit na pala tayo,” pag-iiba niya ng usapan, sabay turo ng direksyon patungo sa tinutuluyang bahay. She could feel from Andrei’s silence the hurt and disappointment she caused him. And because of that, a tremendous guilt started to engulf her.

“This is my house,” napabuntong-hininga niyang sabi. She had never felt more relieved to see her house than during that awkward moment.

Hindi na siya muling nakarinig pa ng salita mula sa binata at kitang-kita niya sa pilit nitong ngiti at hindi makatinging mga mata ang kabiguang dinaranas. Mas umigting pa ang pagkakonsensyang kanyang nararamdaman, alam niyang nasaktan niya ito at tanging siya rin ang makakapawi ng sakit na iyon. Pilit siyang naghanap ng mga salitang dapat bitiwan sa tagpong iyon, subalit sadyang magulo ang utak niya para mapag-isipan pa iyon. Hanggang sa may isang bagay na bigla na lamang pumasok sa

kanya...

Leaning closer to Andrei, she tried to plant a kiss on his right cheek nang bigla na lamang lumingon ang binata na naging dahilan ng pagdidikit ng kanilang mga labi. Kaagad na napalayo si Pia. She was shocked. It was not the kind of kiss she intended to give him.

“Uhm... sige, aalis n-na 'ko. T-thank you...” di-magkandatutong nasabi niya habang nanginginig ang kamay na binuksan ang pintuan ng sasakyan.

Samantala, tila bigla namang napawi ang lungkot at sakit na kanina lamang ay nakabakas sa mukha ni Andrei. He felt relieved. Hindi man niya naringgan ng kaparehong mga salita ang dalaga, that kiss she initiated more than made up for it. Somehow it gave him the right to hope for their future. “Good night!”

Si Pia naman ang naging speechless. Tanging kaway lamang ang nagawa niyang ibalik sa lalaki. Even as she was already walking toward the apartment, the shock that she gained from the incident just would not wear off.

Bakit ko nga ba nagawa 'yun? What would Andrei think of me now?

Naglaho ang mga katanungang iyon na

umaandar sa kanyang isipan nang mabuksan ang pinto ng apartment at makita ang roommate, na kasalo sa isang intimate dinner ang nobyong si Arthur.

“Oh, Pia, there you are!” masayang bati ni Francine habang papalapit ito sa kinatatayuan niya. “Look,” anito sabay pakita ng singsing na suot.

“Don’t tell me... oh, Francine, I’m so happy for you!” sinserong ani Pia na napayakap pa sa kaibigan. She knew it had always been her friend’s dream to settle down with the man she loves.

“Kaya lang may problema...”

“Bakit, ano ‘yun?”

“Arthur and I have decided to live together... here,” maingat na lahad nito. “I’m really sorry kung masyadong biglaan. Kahit ako nabibigla rin sa bilis ng mga pangyayari...”

Although she was worried with the sudden news, she tried her best to conceal it. “Ano ka ba, huwag mong isipin ‘yun. Napakarami mo nang naitulong sa akin. You took me in when I’ve got no place to stay...” paninigurado niya while letting out her most assuring smile.

Matapos ang ilan pang palitan ng pasasalamat

Minsan Minahal Kita - Terri Dizon

at yakapan ay nagpaalam na si Pia. Walking into the cold December night, she had never felt more alone. As her tears threatened to fall, she tried her best to fight it and instead forced her optimism to shield her against the loneliness and hopelessness of her life.

I know this too shall pass...

3

Ibang-iba ang siglang bumalot kay Andrei pagkagising na pagkagising pa lamang niya nang umagang iyon. He still could not shake off his mind that wonderful moment he had shared with Pia last night.

Nagtungo siya sa *UP*, at hinanap ang pamilyar na matamis na ngiti. Subalit ibang Pia ang nasilayan niya noong umagang iyon. Tila multo ito ng dating masayahing dalaga na kadalasan ay sumasalubong sa kanya.

“Hey, Pia!” tawag pa niya nang lampasan siya nito matapos silang magkasalubong.

Tila noon lamang natauhan ang dalaga mula sa malalim na pag-iisip nito. “Uy, ikaw pala,” anito na naglabas ng isang malamyang ngiti sa mukha. “Ano’ng ginagawa mo rito?”

Andrei could see that she had been trying her best to conceal that sadness and tiredness that she was feeling inside.

“Gusto kitang makita, kaya lang parang ayaw mo yata,” aniya.

Subalit kahit ang pagbibirong iyon ni Andrei ay hindi naging sapat upang ibalik ang dating sigla ng dalaga. Dahil doon, nagsimula siyang mag-alala; nais niyang malaman kung ano ba ang sanhi ng paghihirap ng minamahal. Ngunit alam niyang wala sa ugali nito ang basta na lamang maglalahad ng saloobin.

“Tara kain tayo, hindi pa ako nagbe-breakfast.”

“MUKHANG gutom na gutom ka, ah. You must have stayed up all night studying,” bati ni Andrei matapos mapansin ang kanyang mabilis na pagkain.

Hearing that ay biglang nakaramdam ng pagkapahiya si Pia. Dahil sa labis na pagkagutom, dulot ng walang humpay na paghahanap ng mapagpapalipasan ng gabi, ay hindi na niya napigilan ang sarili at sabik na kinain ang mga nakahain sa kanyang harapan.

Napansin ni Andrei ang biglaang pagtigil niya. “Oh, I’m sorry, I didn’t mean anything—”

“It’s okay. Ganito talaga ’ko medyo patay-gutom, kaya masanay ka na,” pabirong sabi na lamang niya saka ipinagpatuloy muli ang pagkain.

Kahit paano ay na-relax ito nang makita ang kanyang pagbibiro. “Pia, may problema ka ba?”

Mid-way sa kanyang pagsubo ng kanin ay napatigil si Pia. She never realized that Andrei had been seeing right through her. For a moment, she wanted to just cry and pour out her pain to him but she tried her best to control herself. Instead, she found herself saying, “Andrei, can you spend this day with me?”

Nag-decide si Andrei na dalhin ang dalaga sa resthouse ng pamilya nila sa Tagaytay, kung saan alam niyang magiging malaya silang makapag-usap. He could sense that Pia was in need of that kind of freedom where she could express herself.

“This has got to be the most beautiful place I have ever been to...”

Batid ni Andrei sa mukha ng dalaga ang sinseridad ng pahayag nitong iyon. “At last, nakita ko ulit ang ngiti mong ’yan.” Tinabihan niya ito sa kinatatayuan sa veranda.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” napakunot-noong balik ni Pia.

“That warm and genuine smile that is not trying to conceal any pain. Ano ba’ng nagpapahirap sa ’yo,

Pia? Bakit hindi mo sabihin sa akin?”

“Pasensya ka na. Ngayon lang kasi nangyari sa akin na nagkaroon ako ng isang taong handa akong pag-aksayahan ng panahon para pakinggan at intindihin. All my life, I had been used to living alone and keeping my pain to myself.”

“Bakit? Nasaan ang pamilya mo?”

“I have no family. Lumaki ako sa auntie ko sa Davao matapos akong iwanan ng mama ko sa kanya right after she gave birth to me. Pangako raw nito na babalikan ako sa oras na makahanap siya ng trabaho rito sa Maynila. Pero lumipas ang maraming taon, ni anino niya hindi ko nakita...”

Kahit wala ni isang patak ng luha ang tumulo mula sa mga mata ng dalaga, kitang-kita ni Andrei ang sakit na pinagdaraan nito na muli ay sinusubukan nitong ikubli sa pilit na ngiti. “How about your dad? Hindi mo ba siya nakilala?”

“Hindi na,” tugon nito. “Kahit si Auntie Esther, hindi niya rin ito nakilala. Ang tanging alam niya lang ay tinakbuhan nito ang Mama matapos malamang buntis na ito sa akin...”

“Kumusta naman ang Auntie Esther mo? Minahal ka naman ba niya na parang tunay niyang

anak?”

“Mabait si Auntie. Pinilit niyang punan ang puwang na iniwan ni Mama, pero mayroon rin siyang limang anak na nangangailangan ng pagkalinga’t atensyon. Ayoko nang dumagdag pa sa marami na niyang intindihin kaya nang maka-graduate ako ng high school, nagpaalam ako’t tumungo rito sa Maynila. Gusto kong makatulong sa kanila at the same time, abutin ang mga pangarap ko para sa sarili ko.”

“Siguradong maraming paghihirap ang dinanas mo nang pilitin mong mamuhay nang mag-isa rito sa Maynila.”

“Sinabi mo pa!” kumpirma nito. “Pinagsabay ko ang pag-aaral at pagtatrabaho. Maraming beses gusto ko nang sumuko, but I know I couldn’t afford to be emotional. I had to learn to be strong if I wanted to survive.”

Habang pinakikinggan ang kuwento ng buhay ni Pia, hindi maiwasan ni Andrei na tanungin ang Diyos kung bakit ngayon lamang sila pinagtagpong dalawa. Kung noon pa niya ito nakilala, sana nasamahan niya ito sa pagharap sa mga problema nito. Gayunpaman, malaking pasasalamat pa rin niya dahil sa dinami-rami ng babaeng pag-uukulan

niya ng pagmamahal ay si Pia ang ibinigay sa kanya ng Maykapal.

“Hindi bale, magmula ngayon, hinding-hindi ka na muling mag-iisa,” pangako niya matapos ipulupot ang bisig sa maliit na katawan ng dalaga. “Magkasama na nating haharapin ngayon ang buhay na ’to.”

HABANG PABALIK sa Maynila, nanatiling magkahawak ang mga kamay nina Andrei at Pia. Neither of them tried to break free. It was a perfect moment for both of them that they wish could last forever.

Subalit habang papalapit na sila sa apartment na sa pagkakaalam ni Andrei ay siyang tinutuluyan pa rin ni Pia ay roon na nagsimulang pumasok ang realidad para sa dalaga. Nailahad man niya ang halos buong buhay sa binata, hindi pa rin niya nagawang ipaalam dito ang tungkol sa kawalan niya ng matutuluyan dahil kung may isang bagay man siyang kinaayawan iyon ay ang kinaaawaan siya.

“I wish I could keep you now with me forever,” may paglalambing na sinabi nito habang hinahalikan ang kanyang kamay matapos pumarada sa tapat ng

apartment ang sinasakyan nila. “But I know darating rin ang panahon na iyan para sa atin...”

Walang salitang lumabas mula sa bibig ng dalaga. There were no words that could describe the kind of happiness that she felt inside.

“Sige na, masyado na kitang naiistorbo. Alam kong marami ka pang kailangang pag-aralan,” aniya sabay pagsubok na alisin ang kamay sa pagkakahawak nito.

Subalit hindi siya basta-basta binitiwang ni Andrei. “Wala man lang ba ulit akong kiss?”

Hearing that word, Pia was reminded again of how their first kiss went that she could not help feeling a little embarrassed about it. “Okay, but you have to be the one to initiate it...”

“Yun lang pala. No problem!” buong kumpyansang sabi ng binata. Ilang sandali pa ay unti-unti na nitong inilapit ang mukha sa kanya. Her heart started to race as she felt his warm breath on her face. It was only silenced when finally, their lips touched and they shared a soft, sweet, gentle kiss.

“Uhm... okay, I have to go,” Pia has managed to say in spite of the tingling sensation she felt in her spine.

Reluctantly ay pinakawalan siya ni Andrei at hinayaang makababa ng sasakyan nito. “Okay, I’ll call you tonight,” anito bago tuluyang umalis.

“Mukhang seryoso na ’to ah!”

Napalingon si Pia nang marinig ang pamilyar na tinig na iyon. “Francine!” tawag niya sa dating roommate na hindi niya namamalayan ay kanina pa pala nasasaksihan ang lambingan nila ni Andrei.

“Isang gabi pa lang tayo hindi magkasama, namiss na kaagad kita,” sabi nito habang nakayakap sa kanya. “Saan ka ba nag-stay kagabi?”

“D-d’un sa isa kong classmate. Doon ako sa dorm niya nag-stay,” pagtatakip niya sa katotohanang halos magdamag siyang nagpalakad-lakad at mag-uumaga na nang magdesisyon siyang magpalipas ng antok at pagod sa *Sunken Garden*.

“Pasensya ka na talaga kung binigla kita,” nakokonsensya pa ring nasabi nito. “Mayroon ka na bang nahanap na matitirahan? Kung wala pa, puwede kitang tulungang maghanap—”

“Naku, huwag mo na akong intindihin. Mayroon na akong nahanap na boarding house d’yan sa Kamuning,” muli ay pagsisinungaling niya. Ayaw na kasi niyang bigyan pa ng alalahanin si Francine.

Nahihiya na siya sa dami ng naitulong nito sa kanya.

“Sigurado kang okay ka lang doon?”

“Oo naman, ako pa! Alam mo namang kahit saan makaka-survive ako,” pagmamalaki niya sa pagnanais na tuluyan nang patahimikin ang pagworry ng kaibigan. “Kaya nga kukunin ko na ’yung mga natitira ko pang damit d’yan, eh. Handa na akong mag-ayos sa bago kong tirahan!”

“O, kuhanin mo na ’to.” Inabot ni Francine ang dalawang libong piso kay Pia nang matapos nilang mapagtulungan ang pag-iimpake. “Alam kong naubos na ang pera mo dahil nagpadala ka pa sa Auntie Esther mo noong isang araw...”

Noong una, tumatanggi pa siya na tanggapin ang pera subalit naging mapilit ang kaibigan kaya tinanggap na rin niya. “Huwag kang mag-alala kapag nakaluwag-luwag ako, ibabalik ko sa ’yo ’to,” pangako niya na hindi maiwasang makaramdam ng awa sa sarili.

Matapos ang pagpapaalaman, Pia started walking. Kahit walang malinaw na pupuntahan, nagpatuloy lang siya sa paglakad.

This time, she could no longer fight the tears. Walking and crying, she started to catch the attention

of the people. Pero wala na siyang pakialam sa mga iyon.

“Pia?”

Bigla siyang natigilan at napalingon nang marinig ang pamilyar na tinig na iyon ni Andrei mula sa nakahintong kotse sa kanyang tabi. “What’s happening to you?”

Great! Sa dinami-dami ng tao, bakit kailangang ikaw pa ang makita ko ngayon?

Samantala, hindi naman nakontento ang binata. Bumaba ito ng kotse at hinarap si Pia. “Bakit may dala kang mga damit? At bakit ka umiiyak?”

“BAKIT NAMAN hindi mo sinabi sa akin kanina ang tungkol sa nangyari sa ’yo? Bakit kailangang ipaglihim mo sa akin ang ganitong klase ng bagay?” tanong ni Andrei na hindi maiwasang makaramdam ng kaunting sama ng loob.

He thought he had already knew Pia but it seemed like she still did not trust him enough with the important events in her life.

“Pasensya ka na. Ayoko lang kasi na kaawaan mo ‘ko...” pagtatapat niya.

“Pero hindi ba nagkaintindihan na tayo na magmula ngayon magkasama na nating haharapin ang lahat ng problema? Why do I feel like you are still pushing me out of your life?”

“That’s not true! Hindi mo lang alam kung gaano ako kasaya noong makilala kita. For the first time in my life, naramdaman ko kung paano ang pahalagahan, ang alagaan, ang mahalina... Mahalaga ka sa buhay ko, Andrei. Pagpasensyahan mo na kung hindi ko magawang ipadama sa ’yo ’yun. Ngayon lang kasi nangyari sa akin ang ganito kaya hindi ko alam ang gagawin ko.”

Nahiya naman si Andrei sa ginawang pagdagdag sa paghihirap ng dalaga. “I’m sorry. I didn’t mean to push you this way.” Kinuha nito at hinalikan ang kanyang kamay.

Being beside him never failed to make her feel the comfort and protection she knew she was in need of.

4

“Alam mo napakasuwerte mo kay Señorito Andrei. Saksakan ng habulin ’yan ng mga babae, pero ni isa wala siyang pinansin sa kanila. Paano numero unong pihikan!” lahad ng mayordoma ng mga Soberano na si Ising habang tinutulungan nito si Pia na mag-ayos ng kanyang mga gamit sa guest room ng mansion.

Matapos ang mahabang usapan, napapayag na rin siya ni Andrei na mag-stay muna sa bahay ng pamilya nito.

“Sabihin mo nga sa akin, ano ba ang ginawa mo at napaibig mo ’yang batang ’yan?” patuloy na usisa pa rin ng kasambahay.

Hindi niya naiwasan na mapatawa sa tanong na iyon ng may-edad na ring babae. “Alam mo kahit ako, Manang, hindi ko rin alam kung paano kami humantong sa ganitong estado...”

“Kunsabagay, sa ganda mo ba namang ’yan at talino, kahit naman siguro ako ang lalaki, mai-in love din ako sa ’yo!”

“Naku si Manang, nambola pa!”

“Basta, Pia, ipangako mo sa akin na hindi-hindi mo sasaktan ang alaga ko, ha. Alam ko kasi ang ugali niyan, buhos-buhos ’yan kung magmahal. Kaya alam kong labis ’yang mahihirapan kapag nabigo...”

For a while Pia was rendered speechless. Although, she had been sincere with her affection for Andrei, na-guilty siya dahil sa unintentional hurt na idinulot niya rito. “Huwag po kayong mag-alala mahal na mahal ko rin po si Andrei at gagawin ko po ang lahat para hindi siya masaktan...”

HALOS MAGDAMAG nagpabaling-baling sa kama si Pia matapos magpaulit-ulit na umandar sa kanyang isipan ang mga salita ni Manang Ising.

Siya nga kaya ang babaeng nararapat para kay Andrei? Magagawa nga kaya niyang tuparin ang naging pangako kay Manang Ising na gagawin ang lahat para hindi ito masaktan?

Natigil lamang ang lahat ng pagtatalo sa isip niya nang may marinig siyang katok sa pinto.

“Come in,” aniya na noon lamang namalayan na umaga na pala.

“Wake up, sleepyhead,” bungad ni Andrei na may dalang breakfast para sa kanya. “I prepared you something...”

“Oh, you shouldn’t have bothered!” nahihiyang saad niya. “Masyado na akong spoiled nito, ah. Ikaw rin, mamaya masanay ako.”

“It’s okay, handa naman akong gawin ang lahat para sa ’yo...”

Hearing those sincere words, Pia felt a rush of guilt passed through her. Again, she was speechless. Hindi niya alam kung paano magri-react.

But Andrei barely noticed it. He was filled with so much love to ever be bothered with anything else. “O baka naman puwede akong makahingi ng kiss man lang d’yan,” may pagkapilyong hiling nito matapos umupo sa tabi niya.

Habang inilalapit ng binata ang sarili, biglang nakaramdam ng kaba si Pia at mas lalo pa iyong umigting nang malanghap ang preskong amoy nito.

“O bakit ka namumula d’yan?” tukso ni Andrei nang mapansin ang kanyang mga pisngi.

“Hindi, ah!” defensive naman niyang sagot sabay hatak ng kumot sa kanyang dibdib. Noon lang

niya naalala na wala nga pala siyang suot na bra sa ilalim ng manipis na bestidang pantulog.

“O ano naman ’yang itinatago mo d’yan?” patuloy pa ng binata na mas lalo pang inilapit ang sarili sa dalaga.

“Wala naman akong itinatago, ah!” tanggi niyang muli. Nais pa sana niyang umatras, subalit nakapinid na ang kanyang likod sa headboard ng kama.

Walang sali-salita, siniil ni Andrei ng halik ang mga labi ng dalaga. This time, mas mapusok na ang halik na pinagsasaluhan nila. At first, Pia was taken aback by its fervor, but later on she found herself answering his kisses with as much intensity.

As they both got lost in that moment, Andrei found himself leaving her lips and transferring his kisses to her smooth neck. Little by little, he started pulling down the sleeves of her nightgown until her white, ample breasts were exposed. His mouth started to linger on each mount, while his fingers slipped inside her panties, caressing the soft hair down there.

Hindi na napigilan ni Pia ang kanyang sarili. Para siyang isang matigas na bakal na unti-unting

natutunaw sa nagbabagang apoy na dulot ni Andrei. Sa maingat nitong kamay, hindi nagtagal ay nagawarin niyang buksan ang sarili.

He removed her undies and Pia was now completely exposed which caused her to feel awkward. But it was immediately wiped away by Andrei's intense kisses which traveled all over her body. She got lost in that ecstatic moment that was all so new to her. Suddenly becoming filled with her own passion and fire, she began to remove Andrei's clothes until there was nothing left on him as well.

Feeling his strong, hard body enveloping her, naramdaman ni Pia ang proteksyong matagal na niyanghinahanap. Although filled with apprehension, she never felt any regret the moment she allowed him to get inside of her. Because for the first time in her life, she had come to know how it felt to finally find her home.

“HOY, nasaan ka ba kahapon? Grabe, mabaliw-baliw kaming lahat sa meeting,” dere-derechong sikmat ni Arnold pagkakitang-pagkakita pa lamang kay Andrei na mag-isang nakaupo sa isa sa mga benches sa loob ng campus.

“Ngayon alam n’yo na ang feeling ng iniindyan. Madalas ninyong ginagawa sa akin ’yan noon, di ba?” ganti ni Andrei na kinakitaan ng vindication sa mukha.

“Pare naman, gantihan daw ba kami?” Napapailing si Arnold. “Pero saan ka ba talaga nagpunta?”

“Oo nga, this is so out of your character, eh,” pagsang-ayon ni Ron.

“Okay. Magkasama kami ni Pia kahapon; she was in need of someone,” kaswal na paliwanag niya.

“Aba, mukhang may progress na yata, ah! At shoulder to cry on pa ang papel mo ngayon!” hirit ni Arnold na tuluyan na ring nakalimutan ang tungkol sa hindi niya pagsipot sa meeting. “Kumusta na ba talaga kayo ni Pia, pare? Come on, speak up!”

“We are together now,” maikli niyang sagot while letting out a contented smile which spoke a lot about his current state.

“Kayo na!” di-makapaniwalang ulit ni Ron.

“Grabe, ni hindi namin namalayan!” saad ni Arnold. “Ibang klase ka talaga, pare. Kaya naman talagang idol kita, eh. Smooth operator!”

Subalit hindi sapat para kay Ron ang ganoon lamang na sagot. “Pero teka lang, how did it happen? Paano naging kayo?”

“Sa totoo lang, hindi ko rin ma-explain how it happened. Basta we admitted our feelings toward each other, and I guess... it just rolled on from there.”

“Ibang klase nga talaga ’tong tumama sa ’yo, pare. Malupit! Biruin mo a highly articulate person like you is having a hard time expressing something like this!” bulalas ni Arnold.

“Eh, ganyan naman talaga di ba kapag love na ang pinag-uusapan. Words are never enough to express them,” saad ni Ron.

“Alam mo, pare, kahit may pagka-corny ’yang sinabi mo, sesegundahan kita d’yan.” Si Arnold. Muli siya nitong nilingon. “Basta masaya ako para sa ’yo, Andrei, dahil nahanap mo na ang tamang babae para sa ’yo.”

“Loko ka, alagaan mong mabuti ’yang si Pia. Kapag nalaman kong sinaktan mo siya, sinasabi ko sa ’yo, aagawin ko siya sa ’yo!” birong banta ni Ron.

“Siraulo! Bakit ko naman gagawin ’yun? Mahal na mahal ko ang babaeng ’yun,” mariing pahayag ni Andrei. “I know she will be the woman I’m gonna

spend the rest of my life with...”

KAHIT GAANO kahirap ang Business Law ay hindi pa rin magawang alisin ni Pia ang ngiti sa kanyang mga labi dahil sa pagpasok ni Andrei sa buhay niya. Subalit kaagad ding naputol ang kaligayahang iyon nang muli ay bumalik sa kanya ang pag-aalinlangan.

Andrei may be making me so happy but what about him? Will I be able to give him the kind of happiness that he deserves?

There was not a chance for that thought to prosper dahil naka-receive siya ng isang mensahe mula sa pinsan sa Davao na siya namang umookupa ng kanyang buong atensyon. *Ate, malubha na ang Inay, hindi na namin alam ang gagawin namin. Tulungan mo kami...*

Biglang nakaramdam ng kaba si Pia, alam niyang hindi maganda ang kalusugan ng tiyahing si Esther, pero sa mensaheng iyon na nabasa ay batid niya ang urgency na puntahan ito kaagad.

Huwag kang mag-alala, Auntie, malapit na 'ko!

KINABUKASAN, naghanda muli ng espesyal na agahan si Andrei para sa dalagang minamahal. Excited siyang kumatok sa pintuan ng kuwarto nito. Ilang sandali na rin niyang ginagawa iyon pero wala pa ring nagbubukas sa kanya. Naisip niya na baka nasa banyo ito kaya hindi siya marinig kaya hinayaan na rin niya ang sarili na makapasok sa loob.

Ngunit pagtingin ni Andrei sa loob ay nalaman niyang walang tao sa banyo at ang kama nito ay ayos na ayos animo hindi tinulugan. Paglapit pa niya sa kama ay napukaw ang kanyang atensyon ng isang papel kung saan nakasulat ang kanyang pangalan sa harapan.

Kaagad niya iyong kinuha at binuksan. Sa magandang handwriting ni Pia ay inilahad nito ang tunay na nilalaman ng damdamin.

Dear Andrei,

I'm really sorry that a beautiful thing that we have has to end up like this. I'm leaving you not because I don't love you. Truth is, I am so much in love with you. But I don't think I am the right girl for you. I know you

will eventually find the one who will give you the love that you deserve.

The days I spent with you were the happiest days of my life and wherever I go, no matter what happens to me, I will always carry that in my heart.

Pia

Noong una, pilit na inisip ni Andrei na baka nasa loob lamang siya ng isang masamang panaginip subalit nang maglaon ay nagawa na rin niyang aminin sa sarili na totoo ang lahat ng nangyayari.

Matapos lukutin ang sulat ay itinapon niya iyon palabas sa silid. Nawalan na ng kontrol si Andrei sa sarili at ipinaghahagis ang anumang bagay na madampot niya. “Naku, Señorito, ano po ang nangyayari sa inyo?” takot na takot na tanong ni Manang Ising na puno ng shock matapos makita ang pagwawala ng alaga.

Sa buong panahon ng paninilbihan nito sa pamilya Soberano, ni minsan ay hindi nito nakitang nagkaganoon ang binata.

Ngunit hindi tumigil si Andrei, patuloy pa rin ang galit na galit nitong pamamato ng mga gamit na nagdulot ng pagkasira ng dating magara at maayos na guest room.

“Tama na, hijo. Ano ba’ng nangyayari sa ’yo?” mangiyak-ngiyak nang pag-aawat ni Manang Ising.

Itinigil ng binata ang pagbabato, napadantay ito sa pader kung saan pinakawalan ang dalawang suntok bago tuluyang napaupo sa sahig. “How can she do this to me? How can she do this to me?” paulit-ulit lamang na nasabi niya na puno ng galit at pighati.

Hindi na kinailangan pang malaman ni Manang Ising ang buong detalye. Ngayon alam niyang nangyari na ang kanyang kinatatakutan, nasugatan na ang puso ni Andrei na tapat magmahal.